IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 2**

Wednesday 22 May 2002 (morning)
Mercredi 22 mai 2002 (matin)
Miércoles 22 de mayo de 2002 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works, will not score high marks.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- Ne pas ouvrir cette épreuve avant d'y être autorisé.
- Traiter un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3$^{e}$ partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2$^{e}$ partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3$^{e}$ partie n'obtiendront pas une note élevée.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.

*Sumulat ng sanaysay tungkol sa* ***isa*** *sa mga sumusunod na tanong. Dapat ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang binasa sa Ikatlong Bahagi ng mga pinag-aralang panitikan. Maaaring isama sa sagot ang pagtalakay sa isang akdang nasa Ikalawang Bahagi, kung ito ay katulad sa anyo at kung may kaugnayan. Ang mga sagot na hindi ibinatay sa hindi kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi, ay hindi mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** *Maaaring ito:*

(a) Paghambingin ang paglalahad sa mga pangunahing tauhang babae sa mga nobelang napag-aralan mo, at talakayin kung hanggang saan naipakita ang pagiging iisang-tipo (stereotype) ng mga ito.

*o ito:*

(b) Sa mga akdang napag-aralan mo, paghambingin kung paano napalutang ng mga kasangkapang pampanitikan ang kahalagahan at pagiging napapanahon (relevance) ng mga tema at mensahe.

**Mailking Kuwento**

**2.** *Maaaring ito:*

(a) Batay sa mga akdang napag-aralan mo, ang kaiklian ba ng maikling kwento ay maituturing na limitasyon nito o isang magandang katangian? Maaari mong isaalang-alang ang isa o dalawa sa mga sumusunod: pananalita, istilo ng pagsasalaysay, tono, o wakas.

*o ito:*

(b) Sa mga maikling kuwentong napag-aralan mo, paghambingin kung paano ginamit ang mga isyung panlipunan. Paano napalinaw ng mga awtor ang kani-kanilang pananaw at hanggang saan nila napalinaw at nagawang mabisa ang mga ito?

**Dula**

**3.** *Maaaring ito:*

(a) Talakayin ang mga uri ng paglaya o mga paglayang ninanais ng mga protagonista sa mga dulang napag-aralan mo. Paghambingin ang mga aspirasyong ito at ang mga paraang ginamit ng mga mandudula sa paglalahad ng mga ito.

*o ito:*

(b) Isaalang-alang ang kahalagahan ng tagpuan (panahon at lugar) sa mga dulang pinag-aralan mo. Paghambingin ang mga pamamaraan ng mga mandudula upang gamitin ang tagpuan sa paggalugad (explore) ng mga tema at isyu.

**Tula**

**4.** *Maaaring ito:*

(a) Buhat sa mga napag-aralan mo nang mga tula, ano ang maipapalagay mong mga pangunahing merito at/o depekto ng tradisyunal o modernong panulaan? Bigyang katwiran ang iyong sagot buhat sa mga napag-aralan mong tula.

*o ito:*

(b) Ang tula ay maaaring makapagpabago o makapagpatibay sa mga isipan at damdamin natin. Gamiting panimulang punto ang pahayag na ito sa pagtalakay ng ilang mga tulang higit mong naibigan at nakapagpabago o nakapagpatibay sa iyong mga isipan o damdamin hinggil sa mga partikular na paksa.

**Iba Pang Mga Akdang Prosa**

**5.** *Maaaring ito:*

(a) Gaano naging malinaw sa iyo ang mensahe at layunin ng awtor sa mga prosang pinag-aralan mo? Isaalang-alang kung paano at kung gaano sinikap ng mga awtor na ito na hikayatin ka sa iyong mga partikular na pananaw.

*o ito:*

(b) Anong larawan ng isang tipikal na Filipino ang nakita mo sa mga pangunahing tauhang lalaki sa mga akdang prosang iyo nang napag-aralan? Isaalang-alang ang mga puwersa o paninindigang pumipigil sa pagkilos at yaong nagtutulak sa kanya para sa pagbabago at paglaya.

**Panlahat na mga Tanong**

**6.** *Maaaring ito:*

(a) Isaalang-alang ang halaga ng atmospera sa mga akdang napag-aralan mo. Paano ito ginamit ng may-akda para higit na mapaganda ang kanyang akda?

*o ito:*

(b) Gaano mo naisip ang mga isyung may kinalaman sa kasarian (kababaihan at kalalakihan) sa pag-aaral mo ng panitikan? Anu-anong mga saloobin at pananaw ng mga awtor tungkol sa mga isyung ito ang nakita mo sa kanilang mga akda?

*o ito:*

(c) Paghambingin ang mga pasalaysay na punto de vista (point of view) sa mga akdang napag-aralan mo at talakayin kung paano naapektuhan ang iyong pagbasa ng mga akda.

*o ito:*

(d) Ang panitikan ay nakatutulong na maunawaan natin ang mga nakalipas na panahon at kulturang naiiba sa ating kultura. Hanggang saan ka natutulungan ng pag-aaral mo ng panitikan na maunawaan ang ibang panahon at ibang kultura?